



Gamitin ang Iyong Telepono para Malabanan ang COVID-19

Upang makatulong sa pangunguna sa pakikipaglaban sa COVID-19, ikinalulugod na ianunsyo ng Departamento ng Kalusugan ng Virginia (Virginia Department of Health, VDH) ang COVIDWISE, ang opisyal na mobile app sa Mga Notification sa Exposure sa COVID-19 ng Virginia, na inilunsad noong Agosto 5, 2020. Ang Virginia ang unang estado sa United States na nagtalaga ng app sa Mga Notification sa Exposure gamit ang framework ng Bluetooth Low Energy ng Apple/Google.

Ano ang COVIDWISE?



Ang COVIDWISE ay ang opisyal na app na System ng Mga Notification sa Exposure (Exposure Notifications System o ENS) ng Virginia na ginawa ng Departamento ng Kalusugan ng Virginia sa pakikipagtulungan sa Google at Apple. Available ang libreng smartphone app na ito sa lahat ng Virginian sa Google Play at sa App Store. Pagkatapos i-download ang app, magagamit mo ang iyong telepono sa pakikipaglaban sa COVID-19, nang hindi nakokompromiso ang iyong pagkapribado o personal na impormasyon. Ginagamit ng COVIDWISE ang teknolohiyang Bluetooth Low Energy (BLE) para mabilis na maabisuhan ang mga user na malamang na na-expose at nang sa gayon ay mabawasan mo ang panganib para sa iyong mga kaibigan at pamilya at makatulong sa Virginia na mapigilan ang pagkalat ng sakit.

Sino ang dapat na gumamit ng COVIDWISE?



Ang lahat ng may Android o Apple phone ay lubos na hinihikayat na i-download at gamitin ang COVIDWISE. Sa pamamagitan ng pagtutulongan at paggamit sa bawat tool sa anumang oras na gusto natin, mapoprotektahan natin ang ating sarili at ang ating mga komunidad. Dapat humiling ng pahintulot ang mga menor de edad sa isang magulang o tagapangalaga para ma-download at magamit ang COVIDWISE.



I-download ang COVIDWISE

Available na ma-download
ang LIBRENG app sa
pamamagitan ng App Store
at Google Play Store.



Matuto pa sa **COVIDWISE.ORG**





Gamitin ang Iyong Telepono para Malabanan ang COVID-19

Bakit mahalaga ang COVIDWISE?



Aabisuhan ka ng COVIDWISE kung malamang na na-expose ka sa ibang user ng app na nagbahagi ng positibong resulta ng test para sa COVID-19. Kapag alam mo ang history ng iyong exposure, nagbibigay-daan iyon sa iyo na epektibong makapag-self quarantine, makahingi ng napapanahong medikal na atensyon, at mabawasan ang potensyal na panganib sa exposure sa iyong pamilya, mga kaibigan, kapitbahay, at kasamahan. Kung mas maraming Virginian ang gagamit ng COVIDWISE, mas malaki ang posibilidad na makatanggap ka ng mga napapanahong notification sa exposure na magreresulta sa epektibong pag-iwas sa sakit.

Pinoprotektahan ba ang aking pagkapribado?



OO! Lubos na sineseryoso ng VDH ang pagkapribado. Ang bawat user ang magpapasya kung mag-o-opt in o hindi sa pagtanggap ng Mga Notification sa Exposure, at kung na-diagnose ang isang tao na may COVID-19, depende sa kanya kung ibabahagi niya o hindi ang resulta niya sa pamamagitan ng COVIDWISE. Hindi kailanman mangongolekta, magso-store, o magpapadala sa VDH ng data ng lokasyon o personal na impormasyon. Maaari mong i-delete ang app o i-off ang Mga Notification sa Exposure sa anumang oras.

Paano gumagana ang COVIDWISE?



Gumagana ang COVIDWISE sa pamamagitan ng paggamit ng mga random na token sa Bluetooth na nagbabago kada 10-20 minuto. Anonymous na ibabahagi ng mga telepono na may naka-install na app ang mga random na token na ito kung magkalapit ang mga ito. Ang mga positibong resulta sa COVID-19 na isinumite ng ibang mga user ng app ay sinusuri batay sa listahan ng mga random na token na natanggap nito sa huling 14 na araw. Kung mayroong tugma, maaaring abisuhan ng COVIDWISE ang indibidwal, nang isinasaalang-alang ang petsa at tagal ng exposure, at ang lakas ng signal ng Bluetooth na ginagamit para matantya ang pagiging malapit.